

A CRUX MAGNA
Literary Folio

# THE EYE OPENER

HOLY CROSS COLLEGE
STA. ANA, PAMPANGA

## About the Cover

*Eyes.*

It is a priceless *gift*
because it allows a being to *see.*
Yet, its ability *fades*
when surrounded by darkness.
Pitch-*black lies.*
Never turn a *blind eye;*
open and never shut those eyes of yours.
The truth should never be neglected;
it must be *seen*
in order to stand with it
and fight for it.

# CONTENTS


- **EDITOR'S NOTE**
- **SHORT STORIES**
  - Nakapinid na mga mata
  - -Vows to Realization
  - -Mitsa ng Pagbabago
  - -Sapat nga ba?
  - -Papel na nag Mulat
  - -Kura Paroko
- **POEMS**
  - Pautang ng ina mo
  - Liham ng gabi
  - Kami Muna
  - Bolero
- **ART AND ILLUSTRATIONS**
  - TagosKatotohanan
  - Ikaw ba?
  - Paniniwala hindi Pagiging Panatiko
  - Patas Bulag at Pipi

# EDITOR'S NOTE

In the realm of campus journalism, Crux Magna, the Official Student Publication of Holy Cross College Senior High School Department, has an exceptional reputation for coming up with the ideal output through serving relevant content utilized to feed the entirety of the school community with such crucial and truthful information. In this case, the bottom line of the present editorial board's thorough decision-making regarding the overall attack of this year's release is an election-themed portfolio entitled "The Eye Opener."

Politics may be seen as a simple word, yet its complexity is incomparable given that it is believed to be a dirty word, especially here in the Philippines. That's why the Crux Magna wants to open Filipinos' eyes about the election system. They want to get rid of politicians' broken promises, never-ending lies, and constant hypocrisy so that the pearl of the orient can have a better tomorrow.

To enter the battlefield of politics, it will not only be voters against greedy politicians. The harder fight will always be voters versus voters who have distinct perspectives and contradictory arguments. Regardless,

Those individuals whose eyes are already open will do everything it takes as well as give their best shot just to forcefully work out the sense of sight of their fellow countrymen.

Taking that into consideration, the unification of the produced election-related pieces of writing and visual aids by senior high school journalists, consisting of 6 short stories, 17 poems, and 22 photographs and illustrations, will act as an eye-opener tool.

In summary, this folio is undeniably interesting, making it worth reading and exploring. We hope you'll unveil the hidden gems of the provided works, which mirror Filipinos' situations every election period. May it be an eye-opener, as we hope it will be.


## EDITORIAL BOARD

The Official Publication of
Holy Cross College-SHS Department
2022-2023

**Editor-in-Chief**
Ann Margaret R. Balajadia

**Associate Editors**
Angela M. Cunanan
Khryzia Jezziel T. Soliman

**Managing Editors**
Irish Jasmine G. Sagum
Gelyn P. Villanueva

**Literary Editors**
Nicole Anne Tongol
Ayumi Mallari

**Head Layout Artist**
Boris Sebastian C. Lontabo

**Layout Staff**
Marwin Gamboa
Jozaldz Mungcal

**Contributors**
Lance Stephen Pelayo
Alicia Dulay
Klein Cyrille F. Timbol
Marielle Nardo
Lexter Castillo
John Raven A. Guiao
Karl Cedrick C. Pangan
Jessica Marie G. Aguirre
Ariel Anne M. Pangan
Deejay G. Parungao
Reyna Joy G. Franco
Gabrielle Tan
Roneri Manese
Stefhanie Sigua
Mc lery de guzman
Denise Bautista
Eli Dela Cruz
Jesse David

**Moderator**
Jerwin C. Recitas, LPT



# NAKA PINID NA MGA MATA

BY KLEIN CYRILE TIMBOL

"Tulong! Tulong!" pag sigaw ko, wala akong ibang nagawa kung hindi ang makita ang huling matamis na ngiti niya na tila nagpapahiwatig na nais na niyang mamahinga mula sa labis na paghihirap na kaniyang naranasan, naramdaman ko ang unti-unting pagbuhos ng mga luha ko, habang natatanaw siyang binawian ng buhay. Bigla akong nagising sa isang panaginip, na pamilyar na pamilyar ang mga kaganapan, madalas kasi hindi ko na maalala ang laman ng mga panaginip ko, ngunit sa umagang ito, naging mabigat ang pakiramdam ko. Dali-dali akong tumayo upang makapag handa na sa trabaho ko ngayon. Nag tatrabaho ako bilang guro sa isang pampublikong paaralan sa Maynila.

Humayo ako sa aking paroronan, tahimik akong naglalakad habang pasan pasan ang pag-asa na lagi kong baon sa araw-araw. Sa kahabaan ng paglalakad, hindi ko mapigilan ang mapatitig sa iba't-ibang mga larawan na nakapaskil sa poste, bakod at mga pader na nagpapahiwatig sa darating na eleksiyon, pawang may iba't-ibang mga kulay, naisin at mga adhikain para sa mamamayan at bansa, pero napatigil nalang ako sa pag iisip at nagpatuloy.


Ilang linggo ang lumipas, at naging mainit ang mga isyu, pahayag at mga debate patungkol sa mga kandidatong nais masamsam ang iba't-ibang posisyon sa pamahalaan, nang biglang nagsalita ang nakatatanda kong kapatid na babae sa kahabaan ng panood namin ng telebisyon, "Oh ikaw, bunso bilang bagong botante, may mga napili ka na bang mga kandidato?"

Banggit niya, napatulala ako, at tumango. Biglang humarap sa akin sa ate na may ngiti sa labi at mangiyak-iyak na mga mata, "Magiging proud si inay at itay sayo, kaya piliin natin yung mga taong tapat at totoo." Unti-unting pininid ko ang aking mga mata, at sinariwa ang alaala na kung saan at papaano binawian ng buhay ang isa sa pinakamamahal ko sa buhay,

Nasa isang pampublikong ospital kami noon, dahil walang sapat na pera para sa gamutin ni inay, dahil na rin sa kapos sa sahod bilang isang magsasaka ang aming ama, hindi namin kayang maipadala si inay sa isang pribadong ospital, at matustusan ang kaniyang mga gamutin. Isang araw, sinumpong ang kaniyang sakit sa tagiliran sa harapan ng pampublikong ospital na ni-rekomenda sa amin, tanging pag sigaw ang nagawa ko, habang si ate, humihingi ng tulong sa iba, hindi kami kaagad inasikaso ng ospital, tanging pag daing ang aking naririnig sa aking inay, hanggang sa bahagya siyang ngumiti at binawian ng buhay. Hindi naging madali ang pag lisan ni inay, sapagkat dahil sa labis na kahirapan, nagkasakit si itay, at kinakailangan kong pansamantalang tumigil sa pag-aaral upang mag trabaho, maraming mga opisyales kaming mga nilapitan upang humingi ng tulong pinansiyal, ngunit karamihan sa kanila, naging ignorante sa kung ano ang tunay na kalagayan naming mga mamamayan.

Naramdaman ko ang pagbuhos ng luha ko nang maalala ang mapait na nakaraan na aming naranasan, habang nakapinid ang mga mata ko, sumagi sa isipan ko ang mga taong dumaranas ng kahirapan sa bansa, marahil hindi tamang pagpapasahod, mga naaubuso, mga biktimang hindi nakamtan ang hustisya, mga batang patuloy na umaasa sa kalidad na edukasyon, mga taong may problemang pangkalusugan na kailangang maagapan, iilan lamang 'yan sa problema ng bansa, at hindi ko na maaatim pa na dagdagan ito ng mga tiwaling opisyal sa politika. Unti-unting naliwanagan ang aking sarili na bit-bit ko ang pag-asa ng susunod na henerasyon, at ayaw kong maranasan nila ang aming nakaraan sa kamay ng mga taong may maling pamamahala.

Idinalat ko ang aking mga mata, sa katotohanan, na sa eleksyon nawa'y piliin ang tama, totoo at buo ang intensyon sa paglilingkod. Nawa'y hindi manatiling nakapinid ang iyong mga mata, sa mga isyu at mga suliranin ng ating bansa na kinakailangang solusyunan nating mga Pilipino sa isang maayos na pamamaraan sa pamamagitan ng pagpili ng mga taong karapat-dapat sa posisyon. Idilat ang mga mata, sa reyalidad na hindi basta-basta at kung sinong uso ang pipiliin kung hindi ang taong may malinis na hangarin.




# VOWS TO REALIZATION

BY IRISH JASMINE SAGUM

The fragrance of the flowers is loved by the guests, bells are also ringing delightfully. The sounds of the shoes from the people walking in the aisle are also hearable. "Hillary, do you take Theo to be your husband? Do you promise to be faithful to him in good times and in bad, in sickness and in health, to love him and to honor him all the days of your life?"

"Love, let's go! Senator is now on his way", with a smile on his face, my ten years boyfriend, and now my eight months husband, called me for us to prepare ourselves for a campaign rally of the arriving running senator, who is one of our candidates for the coming election. We chose to support this person because we know that he is credible and capable for a position in the legislative branch of the country's government. He is a human rights lawyer, an advocate, and an educator. With all of his background profile and credibility, this senatorial bet ensured to provide laws that satisfy every Filipinos' rights and accomplish his job only. A job that does not include stealing the country and citizens' funds.

The day of the election comes. It is indeed nerve-wracking since it is for the country's future for the entire six years. After days of unofficial and official counting of votes, the results are now final. Unfortunately, this senatorial bet did not get into the twelve newly elected senators. We opt to accept the results because we could not do anything to change the truth, especially the people's choices.

"I do, Father!", with all my tears racing, I cannot stop myself from breaking down in silence as I watched the video of our wedding last year. My husband was shot to death because the police accused him of being a drug addict, even though he was not even acquainted with how to use it. However, we know that they ended his life with guns because he was an activist when our qualified bets did not make it into the presumptive officials. They stole his rights to live and rights to speak.

On the way to the court, I hear someone's voice. "Let's go! Our hearing is about to start." Here is our past senatorial candidate, who offered us a free service to get the justice we deserve. He does everything to provide us with the judgment we've been craving. I witness how he carefully uses his words and how knowledgeable he is about the laws. His justifications are always on point, and shreds of evidence are all served. Eventually, he wins the case. Due to this, I realized that this country needs more leaders like this. This state should be safe and free from worries place. Citizens' rights must be kept and respected. Hopefully, in the coming next election, Filipinos will open their eyes to the individuals who offer a genuinely bright and safe future for the nation.



# MITSA NG PAGBABAGO

BY KLEIN CYRILE TIMBOL

"Isang lalaki ang natagpuang patay, na pinaghihinalaang konektado sa gobernador ng Maynila matapos ang nangyaring engkwentro"



paulit-ulit na umalingaw-ngaw sa kabi-kabilaang baranggay at kapitbahay ang ganitong balita, nakakakilabot nakakatakot at higit sa lahat walang kasiguraduhan ang tiwala at proteksiyon na taglay ng bawat isa. Sinindihan ko ang tanging kandila na nagsisilbing ilaw at liwanag sa gitna ng kadiliman sa loob ng aming tahanan. Tanging pagdaan ng mga sasakyan at kwentuhan sa labas ng aming tahanan ang patuloy na bumubulabog sa kahabaan ng gabi. Walang ibang tumatakbo sa kaisipan ko sa kung ano ang mangyayari sa mga susunod na araw.

Napatayo ako ng biglang sumigaw ang aking nakakabatang kapatid. "Ate!!!, patulong naman ako sa mga modules ko oh" pagmamakaawa nito. Dali dali akong tumungo sa kinaroroonan nito at tinulungan siya, mabuti nalang at naiintindihan ko kahit papaano ang mga aralin nito, may mga pagkakataon kasi na hindi ko masyadong maintindihan dahil, hindi ako nakapagtapos ng aking pag aaral at tanging high school lamang ang natapos ko.

"Anong wala na naman tayong nakuhang ayuda?!" "Hindi ko din alam!, wala na tayong makain at hindi din ako natanggap sa trabaho na pinag-applyan ko nung isang araw." Palitan ng malalakas na sigaw na may kasamang mga mabibigat na yabag ng mga paa ang patuloy na umalingaw-ngaw. Nakita kong napatingin sa akin ang kapatid ko at mapait na napangiti, dahil hindi na rin naman bago ang ganitong eksena para sa aming taga iskwater lamang. Halos araw at gabi ganito ang nagiging sitwasyon ng bawat isa sa amin, tanging pera, hanapbuhay, pagkain at kalusugan ang pangunahing suliranin. Hinaplos ko na lamang ang balikat ng aking kapatid at ngumiti rin sakaniya. Hindi ko namamalayan na umuwi na sina Inay at Itay mula sa munisipyo sa aming baranggay, dahil doon nagtatrabaho si itay bilang janitor, samantalang si inay ay humingi ng pam-pinansiyal na tulong mula sa pamahalaan dahil sa kasagsagan ng Pandemya.

Tumayo ako upang mag mano sakanila at iniayos ang hapag kainan, nagagalak ang puso ko, dahil pakiramdam ko na makakapasok ako sa iskolar at maitutuloy na ang aking kolehiyo. Sa kahabaan ng pagkain nina inay at itay, binasag ko ang nakakabinging katahimikan sa pamamagitan ng isa kong tanong. "Nay, nakapasok po ba ako sa iskolar ng pamahalaan?, maaari na po ba akong makapag-aral muli, tapos..." hindi ko naituloy pa ang pagsasalita ko ng biglang sumagot si inay. "Nak, pasensya na..." sambit ni inay, hindi pa naitutuloy ni inay ang sasabihin niya pero,

patuloy akong umaasa na baka may pag-asa pa talaga. "Hindi ka nakapasok nak, dahil marami raw na nakapasok na at nagkaubusan ng slot" paliwanag ni inay. Tila binuhusan ako ng malamig na tubig sa kinauupuan ko, ni hindi ako makagalaw sa aking kinalulugaran at nakita ko ang malungkot na mga mata nina itay at inay.

Ilang oras ang lumipas at nakatulog na ang mga iba kong kapatid, sina inay at itay, nanatili ako sa munting mesa namin habang nakasindi pa rin ang kandilang kanina ko pa inilawan, Habang nakatitig sa kandilang ito nagulat ako ng may biglang humawi sa mga luha kong nagpapaligsahang tumulo, at nakita ko na si inay iyon. Niyakap ko siya at niyakap ako nito pabalik. "Nak hindi pa huli ang lahat, hawak natin ang pagbabago sa bawat kalakaran, hindi ba't nangyari na ito sa nakaraan?" at bumitaw ito sa yakap namin at muling bumalik na sa kanilang higaan. Samantalang ako naiwan at pilit na inaalala ang ilang taong lumipas na hindi pinakinggan ang inahing at sigaw ng bawat mamamayan. Muli akong napatingin sa kandila at ngumiti dahil, naalala ko na hindi pa nga huli ang lahat bagkus hawak ko sa aking mga kamay ang susunod na lider ng pamahaalan ang magsisilbing ilaw sa kahabaan ng kadiliman, tulad nitong kandila na magsisilbing pag-asa ng bawat Pilipino sa mapait na mga hamon ng buhay at handang maging liwanag sa bawat suliranin ng bansa. Lider na magiging boses ng bawat Pilipino, Lider na hinding-hindi tatalikod at sasamahan tayong harapin ang bukas.

tunay nga ang sambit sa isang awitin na "Katotohanan ang magpapalaya sa Bayan." Hawak mo, ko at natin ang mitsa ng pagbabago.

# SAPAT NGA BA?

BY IRISH JASMINE SAGUM

Ilang oras ang lumipas at nakatulog na ang mga iba kong kapatid, sina inay at itay, nanatili ako sa munting mesa namin habang nakasindi pa rin ang kandilang kanina ko pa inilawan, Habang nakatitig sa kandilang ito nagulat ako nang may biglang humawi sa mga luha kong nagpapaligsahang tumulo, at nakita ko na si inay iyon. Niyakap ko siya at niyakap ako nito pabalik. "Nak, hindi pa huli ang lahat, hawak natin ang pagbabago sa bawat kalakaran, hindi ba't nangyari na ito sa nakaraan?" at bumitaw ito sa yakap namin at muling bumalik na sa kanilang higaan. Samantalang ako naiwan at pilit na inaalala ang ilang taong lumipas na hindi pinakinggan ang hinaing at sigaw ng bawat mamamayan. Muli akong napatingin sa kandila at ngumiti dahil, naalala ko na hindi pa nga huli ang lahat bagkus hawak ko sa aking mga kamay ang susunod na lider ng pamahaalan ang magsisilbing ilaw sa kahabaan ng kadiliman, tulad nitong kandila na magsisilbing pag-asa ng bawat Pilipino sa mapait na mga hamon ng buhay at handang maging liwanag sa bawat suliranin ng bansa. Lider na magiging boses ng bawat Pilipino, lider na hinding-hindi tatalikod at sasamahan tayong harapin ang bukas.

Sa aking pag-upo sa aming hapag-kainan ay narinig ko ang pag-uusap ng aking pamilya. Ito ay tungkol sa darating na eleksyon para sa barangay. Nabanggit din na muling hahabol bilang Chairman ng Sangguniang Kabataan ang lalaking anak ng kaibigan ng aking ama na kasalukuyan nang nasa posisyon.


Aking napagtanto na ito ay para sa kapakanan ng mga kabataan dito sa aming lugar. Kaya nangangailangan ng lider na may kakayahan at karanasan, hindi lamang sa pumumuno, ngunit pati na rin sa kahirapan na kinakaharap ng nakararami, lalo na ng kabataan.

Ilang araw ang nakalipas, patuloy kong nasasaksihan ang pinagdadaanan ng mga bata dito sa aming barangay. Dahil sa aking hangarin na makapag-abot ng tulong, ito ang ang nag-udyok sa akin na lumaban at humabol bilang SK Chairman. Ang aking katunggali ay walang pinapasukang trabaho at isang dalubhasa sa paglalaro ng basketbol, kung kaya't ito ay tanyag sa mga indibidwal. Ang kaniyang tanging pinakilalang plataporma ay ang pagpapatuloy ng liga sa aming barangay. Samantala, ako ay isang Certified Public Accountant at may academic at leadership awards noong ako ay nag-aaral pa lamang. Handog ko ang mga platapormang pagbibigay ng gamit sa pag-aaral at mga maaayos na kasuotan para sa mga kabataan, pati na ang pagpupwesto ng mga basurahan na may klasipikasyon sa daanan, at pagsasagawa ng buwanang health check-ups sa mga bata.

Sa araw ng eleksyon, pinilit kong tatagan ang aking loob dahil malalaman ko na ang magiging resulta ng botohan para sa pagka-SK Chairman. Patuloy akong pinapasigla ng aking pamilya at mga kaibigan sa kadahilanang sigurado na ang aking pagkapanalo dahil sa dami ng aking kredensyal at plataporma. "Sapat nga ba talaga ang mga 'yon?",

ito lamang ang mga salitang inileta ng aking bibig. Kinagabihan ay lumabas na ang opisyal na resulta at hindi ako nagtagumpay. Nagwagi laban sa akin ang isang lalaki na walang ibang plataporma kung hindi ang liga.

Ang karanasang ito ang nagbukas sa aking mga mata na hindi sapat ang maraming kredensyal at solid na plataporma upang piliin ka ng mamamayan bilang isang lider. Pagiging tanyag ang tanging hanap ng mga tao. Walang luha ang tumulo sa dalawa kong mga mata, tanging ngiti lamang ang iginuhit ng aking mga labi. Sapagkat nadiskubre ko na kaya walang pagbabago at pag-unlad sa aming lugar ay patuloy sa pagboto ng mga maling opisyales ang aming kapwa mamamayan.



# PAPEL NA NAG MULAT

## BY IRISH JASMIN SAGUM

Alas singko ng umaga, aking pinilit ang aking sarili na idilat ang aking mga mata upang makapaghanda na sa nakatakdang klase. Lahat ng paghahandang dapat na gawin ay aking isinagawa upang maging maayos ang takbo ng aking araw papasok sa paaralan. Upang hindi mangibabaw ang nakabibinging katahimikan ay aking napagdesisyunan na buksan ang radyo na nakapwesto sa ibabaw ng lamesa.

“Dalawang indibidwal na mag-ina ang nasawi sa isang insidente ng pamamaril ng isang pulis na 'di umano naghahari-harian sa kanilang baranggay.” “Dalampu't lima ang nahuling bumabatak ng shabu sa isang abandonadong bahay na malapit lamang sa munisipyo sa bayan ng Mabalacat.” “Patuloy pa rin ang pagdagsa ng mga dayuhan sa bansa ngayong nalalapit na ang panahon ng summer. Kaya naging dahilan din ito ng labis na pagkakalat ng mga basura kung saan-saan.”

Kay aga-aga ay hindi na kaagad kanais-nais ang mga balita na isinasaad sa radyo. Napagpasiyahan ko na lamang na patayin ito upang hindi na ako makatanggap ng kahit na anong masamang balita ngayong araw. Ngunit hindi pa rin pala ito tapos dahil sa aking paglabas sa aming tahanan ay kapansin-pansin na ang polusyon, hindi lamang sa hangin, kun'di pati na rin sa tubig. Sandamakmak na rin ang mga taong nagsusugal sa daan kahit na kakasikat pa lamang ng araw. Sa aking pagsakay sa traysikel papuntang paaralan ay nasaksihan ko rin na mayroong matatanda ang natutulog sa mga bakanteng pwesto sa kalsada.

Oo nga pala, anim na taon na simula nang manalo ang mga lider na nangakong bibigyan ng magandang bukas ang ating bansa. Ngunit, palaisipan pa rin kung ano na ang nangyari sa mga pangako nila ngayong kasalukuyan. Tila hindi ko maaninag ang winikang pagkakaisa, pagbabalik ng malusog na kalikasan, at pagbibigay ng trabaho sa mga mahihirap.

Sa aking paglabas sa paaralan ay may malaking grupo ng mga tao na nagsasagawa ng tila rally upang mangampanya. Sa aking nasaksihan, ako'y napangiti. Dahil ito ang tunay na kahulugan ng pagkakaisa; ang pagtutulungan ng mga indibidwal upang maipanalo ang mga lider na alam nilang nararapat at mayroong kakayahan at kredibilidad. Sa patuloy kong paglakad ay inabutan ako ng isang papel ng isang tila volunteer ng mga kandito. Sa isang pirasong papel ay naipalagay ko na ang magandang kinabukasan ng bansa. Ito ay isang papel na naglalaman ng mga credentials, resibo, at plataporma ng mga nangangandidato. Nang dahil dito ay napagpasiyahan ko ring sumali at ipaglaban ang mga kandidatong ito.

“Anak, gising na!” Sa pagmulat ko ng aking mga mata, bumungad ang maliwanag sa sinag ng araw. Napakasarap ding pakinggan sa tainga ang huni ng mga ibon at ang tawanan ng aming mga kapitbahay na umaabot sa aking silid. "Magandang Umaga!", ito ang unang bati sa akin ng mga taong aking nakakasalubong sa daan. Napakaganda na rin ng kalikasan, wala ng away na masasaksihan, at hindi na rin makikita ang mga bata at matatandang palaboy-laboy sa daan. Sa aking pagpunta sa isang kainan ay narinig ko ang tinig ng isang babae na nagmumula sa telebisyon. Ito ay naging dahilan ng pagkalantad ng ngiti sa aking mga labi.

"Hindi ako nagkamaling piliin at ipaglaban kayo upang pamunuan at paglingkuran ang ating bayan, mahal na presidente." tanging ang mga salitang ito ang lumabas sa aking bibig na tumutukoy sa dalawang taon ng presidente ng bansa.



# Ang Kura-paroko

BY PIILANDOK

Pumasok ako sa simbahan nitong aming bayan. Binati ng mga taong nasa kamay ang pananampalataya, pero mapanghusga ang mga mata. Alam ko ang hitsura ko sa salamin ngayon. Tsinelas na tagpi-tagpi, damit na gutay-gutay at kumukulong sikmura. Magulo ang buhok. Martes noong huli akong naligo. Nilinis ko ang aking mukha gamit ang gasgas kong mga palad. Na kahit sa pagharap man lang sa Diyos, malinis niya akong makita.

Dumiresto ako doon, sa likod ng altar, kahit nakakahiya eh lalapit ako sa aming kura-paroko. Gusto ko sanang magkumpisal at humingi ng tawad dahil mahirap lang ako. Mabait 'yon. Siguro tatanggapin niya ako. Ngumingiti siya sa harap ng mga taong makikita mong nakabarong. May suot na alahas, mabango ang amoy. Malakas humalakhak. Minsan may dala-dalang maraming tao na may hawak na aparatus. Yung isa may nakalambitin sa balikat niya, yung iba naman may mga nakatapat sa bibig nila. Minsan sa loob ng simbahan, sobrang daming ilaw kahit hindi pundido ang mga bumbilya. Parang ginagawa nilang aliwan ang simbahan. Kinakamayan niya yaong mga iyon. Pinapalakpakan. Pero 'pag nakatalikod, parang gustso niyang kasuklaman. Tatanungin ko rin siya tungkol do'n. Kung tunay siyang alagad ng Diyos, bakit siya ganoon?

"Bakit po?"

Nakita ko kung paano kumunot ang noo niya sabay sa pagsalubong ng dalawang kilay. Banayad niyang pinupunasan ng tuyong tela ang basa niyang mga kamay. Tumalikod siya.

"Anak ka pa rin ng Diyos kahit na mahirap ka"

"Bakit niya po ako binuhay?"


"Bakit pinipili mong mabuhay?" sagot niya.

"Kaya lang tayo nagkakaiba dahil sa pinipili nating landas. Wala akong karapatang magalit dahil iba ang buhay natin. Pero yung iba, dapat hindi na lumitaw dito sa mundo. Dapat hindi na sila lumakad sa lupa."

Umuwi akong luhaan non'g isang araw. Nalaman 'kong pumanaw na umano ang aming kura-paroko. Tagos ang bala sa ulo. Natagpuang nakaluhod sa harap ng istatwa ng mahal na birhen sa likod ng simbahan. Nagkrus ang mga kamay na parang nanalangin pa. Naalala ko noon ang sinabi niya.

Lumalakad daw ang mga demonyo kasama natin. Minsan ngumingiti. Minsan humahabol. Minsan nagpapanggap. Minsan nagbabait-baitan. Mahilig daw silang manlinlang at magnakaw. At tayo naman ay aliw na aliw sa pagbabalat-kayo nila. Kahit pa kasinungalingan ang lahat. Makikita mo silang nakapaskil sa bakod ng mga bahay. O kaya naman nakalantad sa malalaking tarpon. Mas nakakapukaw ng atensyon kaysa sa mga lapida. Lahat ng iyon upang makuha ang simpatya mo. Lahat ng iyon, para makuha ka ng buo. Dinagdag ng aming kura-paroko na hindi raw lahat ng kinukulong eh talagang may sala, at hindi rin daw lahat ng lumalakad ng malaya sa kalsada eh matino.

Naisip ko, meron din siguro siyang pinagsisihan. Araw-araw siyang nagdadasal. Araw-araw din siyang humihingi ng tawad.



# Tula ng mga sawi



# PAUTANG SA INA MO

Walang kaaya-aya sa paghiyaw ng isang
mangmang na sa kahit na anong anggulo mo tingnan,
eh ganoo't ganoon pa rin ang kinalalabasan. Nakakapagod.
Nakakurat. Nakakabobo. Nakakaumay sa lahat.
Anong pinagsasabi mo?

Sigurado ka?
Aba talaga

Lantaran ang mga bugok na itlog sa isang dosenang tray. Hindi ko inakalang pati dito meron. Kami, na wala at hindi pa nasa
tamang edad para bumoto, ay walang karapatan para pumili ng kinabakusan? Nasaan ka sa panahon na hindi pa pangangampanya ang pinag-uusapan? Alam mo bang mas marami pa sa daliri mo ang nagawa ng mga sinasabihan mong walang silbi? Bakit ako mananahimik kung alam kong hindi kasalanan ang paninidigan sa tama? Desisyon ka? Kinumpara mo pa ang laman ng utak ko sa mga chismis na nasasagap mo, marites ka.


Kami na sumasangguni sa kung ano ang nakapaskil sa kasaysayan, sinungaling? Nanonood ang mundo. Sila ang nakaupo at tayo ang nasa entablado. Bakit tila mas alam pa ng mga dayo ang katotohanan kaysa sa kapwa natin Pilipino? Nagbubulag-bulagan? Bingi-bingihan? Tatanga-tangahan? Sobrang hirap maging mahirap, hindi ka pa marunong magbasa, makinig, makakita man lang? Nasa harapan na ang kasagutan, talagang mas naniwala ka pa sa mga sabi-sabi ng nakaraan. Kung tunay kang mamamayan ng bansang 'to, matuto kang
mangialam. Walang lugar para sa mga taong tanging sa chismis lang kumakapit kapag ginigipit sa sagutan.

Kami, na sumasalamin sa hirap na ipinidanas ng korupsiyon at paghihirap. Libong tao ang nakaranas, at maninindigan ka sa pangako ng isang mangmang? Tulad ka pala niya. Magsama kayo. Parehong balat, parehong sirko. Ginagawa niyo lang aliwan ang kinabukasan ng mga kababayan ko.

Nakakapagod. Nakakurat. Nakakabobo. Nakakaumay sa lahat. Anong pinagsasabi mo?

Wala ka pa ba talagang desisyon matapos sa lahat ng 'to? Paulit-ulit.

Isang daaang boses para sa utak mo, manhid ka.
Kailan ka nagkaroon karapatan dumikta, lalo na't alam ko ang tama
Sino ka ba.




Pakiusap, magkita tayo.
Natapakan ko ang lupa, at nakita ang mundo
Magdala ka ng mga rosas na nakatakip sa dyaryo
Tatlong puting kandila na matagal maubos
Iiyak tayong dalawa
Balikan natin lahat ng pagtatagpo

Maiisip mong wala ring silbi itong pagbubuklod
Marami ang nangyari matapos 'kong kumuda sa nakaupo
Hindi ko nasikmurang kumain sa ilalim ng matibay na bubong habang
Pinagmamasdan mga kababayan nating sa basura nalang tumitingin ng malalamon
Marahil hindi lang iyan ang dahilan

Dumating yaong mga alagad daw ng pagkakaisa
Nagbababala, nakaismid
Malalaman mong takot ang tao sa tao
Kapag nakatutok ang bariles sa noo
Kulang nalang kalabitin ang gatilyo

Sumulat akong pausad sa katotohanan
Dinampi ang pluma kahit sa dugo
Tinapa ang nakita, nalaman, nasaksihan
Nagkamali rin ata ako
Hindi ko nabatid na may mata sa paligid

Patawad, habambuhay
Mawari mo sanang hiniling ko rin na makita ang kalayaan
Ngunit ano pa't kung walang martir at mag-iingay
Kailangan ng bansa ng demokrasya
Kailangan ng inang bayan ng katarungan

Patawad din, habambuhay
Hindi kita nabilhan ng magandang bukas
Sa sementeryo man lang, dalhan mo ako ng ngiti
Mga rosas na nakabalot sa dyaryo
Tatlong kandilang matagal maubos
Hindi ko kinayang lumunok ng isang daang bala
dahil lang mali magsalita ng totoo.


# LIHIM NG GABI

Sa tala ako'y nakatingin,
Ginhawang dala ng haplos ng hangin,
Sa dami ng mga pinapangako,
Ilan ba rito ang mapapako?

Nais kong hilingin sa lahat,
Pillin nawa kung sinong tapat,
Sa ating bukas sinong magiging lunas,
At sino ang gagamit ng dahas?


Sa tahimik na gabing ito,
Hindi na matatakot sa anino,
Aninong dala ng ating nakaraan,
Dahil ang pag-asa ang magiging daan.

-ARIACELEST



LEGAL

# LEGAL



Disiotso, edad lamang para sa iba ngunit isang napakalaking pagbabago
Hindi na lang ang sarili ang buhat mo,maging ang ibang tao
Dumaan ka rin sa pagiging menor de edad na nangarap ng maayos na gobyerno
Sana sa pagtungtong mo sa numerong iyan, isa ka sa mga taong pipiliing maging totoo

Pinanghahawakan ang maayos at tapat na desisyon,
Inilalaban ang katotohanan nang may malaking dedikasyon
Na hindi lamang pipili ng puro base sa impluwensya at imbitasyon,
Tandaan na isa kang mamayan at kabataan na pipili base sa aksyon

Tayo ay hindi lamang ang pag-asa ng bayan,
Tayo rin ay may kakayahan na makapagpabago ng kinabukasan
Laging isipin na iisa lang ang ating boto at ibigay ito sa karapat-dapat na kandidato
Mulat na sana tayo sa pagtapak sa numerong disiotso

# Kami Muna



Lakasan mo ang iyong sigaw,

Huwag mong hahayaan na ang boses mo ay maligaw

Kahit hindi ito singrami ng iba,basta't ito'y nakakapukaw

Ang boses mo ang siyang magsisilbing ilaw

Hindi ito matutumbasan ng kulay dilaw at asul na papel

Na nagtataasan ang halaga ngunit pababa ang lebel

Hindi ito mahihigitan ng isang kamayan

Na sasabayan ng bulong na kamag-anak ko 'yan

Hindi mo kailangan bitawan ang karapat-dapat na tao

Para sa isang kakilalang hindi ka naman sigurado

Hindi mo dapat hayaan na diktahan ka ng iba sa kung sino ang iyong iboboto
Para sa ikaluluwag ng kanilang puso

Magsilbi tayong tinig para sa mga taong nadadaig,
Hindi tayo basta-basta maliligaw kung sabay-sabay tayong titindig
Kaunti man ang gustong makinig,
Sa huli, tayo ay maririnig


# Bolero

Love language ko talaga ang words of affirmation.
Naakit mo nga ako kase may extra ka pang mga emosyon.
Bawat salita mo, para bang safe na safe ako.
Kinikilig pa nga ako kapag ako'y nilalambing mo.

Ang galing mong kumanta, para bang ako'y hinaharana.
Sa tinig ng iyong mga piyesa, tila ba walang dapat ikaduda.
Idagdag mo pa ang iyong tono, sigurado, garantisado ikaw ay pasado.
Hay naku! Wala na, tinamaan na ako. Sayo na tuloy ang boto ko.

Ang daming naghahabol sa akin, pero ikaw ang pinili kong kandidato.
Si mama, kuya, tito, lola, kapitbahay pati mga pusa boto na sayo.
Pero bakit nang ikaw na ang naluklok sa pinakamataas na pwesto.
Abaa. Loko ka ha. Nabola mo ako! Sayang. Kinilig pa man din ako.

tola_ni_jowi



# Instant Money

Ako'y nasa bahay, doon banda sa harapan.
Nakita ko pa nga si mayor, siya ay padaan.
May inabot pa sa akin, papel na may laman.
Binuksan ko ito, at hala! May limang daan!


Nagmadali akong pumasok, sa loob ng tahanan.
Sinabi sa sarili na hindi ako bayaran.
Tinanggap ko lang ito kase sayang naman.
Instant money din 'to ha, panglibre kay mahal.

Hindi naman mali ang ginawa kong pagkuha sa laman.
Ginawa ko lang iyon pangtustos sa mga pangangailangan.
Atsaka, kukuhanin ko lang naman ang limang daan,
Pero 'yong kandidato na tumatakbo para sa bayan, ang siyang aking ilalaban.

tola_ni_jowi



# CAM-PAIN



Wow! May pa-jingle pa sa sarili tuwing sasapit na ang halalan. House to house pa ang pagbibisita, makapagpakilala lang. May pa-motorcade pang ganap, at hagisan ng mga candy. Makuha lang atensyon ng masa, sasayaw pa 'yan ng paro-paro g.

Maglilibot-libot sa tanghali, magpapa-raffle sa gabi. Iba-iba ang palaro, may papremyo pang money. May paliga dito, may pa-beauty contest doon. Pero wala pang isang taon, ayaw na agad makatulong.

Ang dami mong nagawa nang ika'y nangangampanya. Pero nang naluklok na, nawalan ka ba ng gana? Sige, hindi kita bibigyan ng zero sa ratings report. Bibigyan nalang kita ng plus 10, para sa 'yong effort.

tola_ni_jowi

# VOCAL





Power fuels people,
Greed starts the evil,
Choice is fatal,
As it ends the battle.

Voting is yet to start,
The country needs to be restarted
Its people must the priority,
To be proud to the authority.

Let our voice be heard,
Our choices not to be absurd,
Rather confront the truth,
And accepts the facts.

- ARIACELEST



# SENTIMO

Dito sa lansangan
Dami ang mabaho
Dami ang nilalangaw

Walang kayod
Walang pagkain
Walang nakaw
Walang ihahain

Bakit ganoon?

Hirap kami kumita
Hirap kami mabuhay
Pahingi kahit sentimo

Bakit yung iba?
Madali sa pera
Ngumingisi
Namumulsa

Bakit kami
Walang hustisya
Itapon ang dignidad
Kulong na

Ganoon ba?
Sila na bayaran
Nagpapakasasa
Abusado
Mapagtago
Sumasayaw
Nagnanakaw
Sinungaling
Naluluklok pa




# Pagbangon

Iisang inang bayan para sa
napakaraming mamamayan
Sabay-sabay na
naninindigan, upang mga
problema'y masolusyonan

Ngayong eleksyon, na kung
saan lahat ay may
nakahandang solusyon,
Mabigyan sana ng
pagkakataon, mga
kababayan upang
makaahon

Tamang kandidato, para sa
ating mga tao Tamang
kandidato, daan upang
maisalba ang mundo



# SINAG TALA

Isipin mo ang
Kalawakan
At nandoon
Ang mga tala
Naatim mo bang
minsan
Nawawalan rin
Sila
Ng ningning

Sumisigaw
Nagmamakaawa?

Marahil hindi
Walang may alam
Walang gustong
Makialam
Lahat gusto
Ng liwanag
Lahat gusto
ng
Nakakabulag


Lagi't lagi
Para-paraan
Kinukunsinte
Pinagmamasdan

Marami ang
Umuusbong
Gaya ng
Pag-asa
Simula
At pagkabilang

Pero walang
Gustong
Tumitig sa
Pagkahimlay
Pagkawasak
At pagkawala

_Si Pilandok

# KASUKDULAN




Nakarinig ka na ba ng bulkan, o ng unos, o ng lindol,
Maging ang iyak ng bagong panganak na sanggol?
Wala sa mga 'to ang relatibo sa pagboto,
Pero kasangga ka sa pagbubuklod ng bansang 'to

Nakakauwi ba ang katotohanan sa pulitika,
O sadyang hiyang na lang sa pagkaligaw?
Nasanay na lupa sa pagkadurog, pagkasira, at tuyot
At hindi pa rin handang makakita ang tao?

Ah oo nga pala, marami ang hindi pa botante
Marami rin ang nag-aaklas, sumusunod, umaabante
Pinaglalaban ang kulay, kandidato, kapwa, at kasosyo
Alamin ang may nagawa, at yung umasa sa kung sino

_Si Pilandok

# Kasaysayan man, may bakas din



Remembrance

Mabubura ang bakas ng paa sa buhangin o lupang kinatitirikan ng mga punong-kahoy, ngunit hindi ang mantsang iniwan ng nakaraan, kinain ng oras, at naging kasaysayan. Hindi nakakapagsalita ang mga pader, at kung maaari man, matagal na nila tayong nautakan. Maraming huni ang mga ibon, pero ni minsan hindi sila nagsabi ng babala sa kung ano ang paparating. Lumalagatok din ang mga buto, pero iba ang nakikinabang. Sa isang sakong bigas, isang dangkal na kayod kapalit ng iilang butil. Saan napunta ang itinataguyod na pagkakapantay-pantay?

Sumasabay na dapat tayo sa pag-usad ng mundo. Ngunit marami pa rin sa atin ang pinipiling manirahan sa makalumang panahon. Paano mo nasisikmura tumingin sa kapwa natin kababayan, na ni sentimo hindi makaipon? At maninindigan ka sa pulitikong ninakawan ang kanilang bulsa, baka na rin siguro ang iyo?

**MAG-ISIP KA**

Sa limang daan kapalit ng boto mo. Pare-parehong nating gusto ng pagbabago, ngunit paano ka uusad kung hindi ka marunong tumingin ng kakandidato? Utak lang ang pinagkaiba mo sa hayop. Marunong kang tumayo, magsalita, at mangatuwiran. Sa eleksiyon, bigyan mo rin ng pansin ang inang bayan. Ang boto mo, ay boto ng iba, at ang boto natin ang siyang huhusga sa kakahantungan ng kinabukasan ko, mo, nating lahat. Hindi sapat na may paniniwala ka sa mga tinitingala mo. Mangingibabaw pa rin ang tanong sa kanila; kaya ka ba nilang ipaglaban?

–Si Pilandok

# TAKIP SILIM



BINULAG


Sa pagsikat ng araw ginhawang dala ng buhay,
Sa pagsapit ng gabi, tila bawat isa'y nalulumbay,
Sa ilang taong pamumuhay,
Napapaisip kung nakaranas ba ng dalisay.

Hindi tuluyang mawari,
Kung ang nagawang pagpili ay mali,
Sa bawat termino sa gobyerno,
Pawang nanungkulan ay napuno ng luho.

Nais nating Pilipino ay pagbabago,
Bansang sinilangan ay mapalago,
Nararapat na piliin ng husto,
Dahil ito ay nakasalalay sa ating boto.

Sa paglubog ng araw,
Sana ating desisyon ay hindi maligaw,
Panatilihin ang kalinawan ng isip,
Dahil magandang bukas ay sumisilip.

ARIACELEST



# Kinabukasan



Mga mamamayan ng ating bansa
Tayo'y mag hawak kamay at magka isa
Ang Ating mga mata ay buksan
Para sa ating magandang kinabukasan

Mga pinunong gahaman at kurap
Puro salita at wala man lang maiharap
Dapat sa pwesto silay palitan
Yung tapat at iyong makakapitan

Kinabukasan ng ating inang bayan
nakasalalay sa kamay ng mamamayan
Piliin ang nakakataas na syang patas
Sa serbisyo hinding hinding kukupas

ARIACELEST

# TAMANG PAG PILI



Sa dadating na eleksyon
Tayo'y gagawa ng aksyon
Pipili ng karapat dapat
Yung taong sa serbisyo ay tapat


Taong sa bansa ay may pagmamahal
Ang syang karapatdapat maihalal
Mag silbi sa mamamayan
Kanyang uunahin kanilang kapakanan

Halalan ay nalalapit na
Sabay sabay natin iwagayway ang bandila
Maging wais sa pipiliin
Systemang baliko ay kanyang babaguhin


Mahalaga ang bawat boto
Kaya wag basta basta ibato
Ating buksan ang mga mata
Ng ang ating bansa'y muling masilayan ang tala.


- ARIACELEST

# MGA LITRATO AT ILUSTRASYON



# Tagos sa Katotohanan






IKAW BA?


REPUBLIKA
Isang libo
ISANG BOTO

# Paniniwala, Hindi Pagiging Panatiko




PATAS
Vote


BULAG AT
PIPI